JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# 5

# Edukasyon Sa Pagpapakatao
## Ika-apat na Markahan – Modyul 1:
## Kapuwa Ko, Pananagutan Ko



**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________

**Baitang at Seksiyon:** ______________________________

**Paaralan:** ______________________________



## Alamin

Sa iyong palagay dapat ba nating tulungan ang ating kapuwa na nangangailangan?

Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa kapuwa?

Ang pagmamahal sa kapwa ay isang gawi na kinalulugdan ng Diyos. Lahat tayo ay nilalang ng Diyos kaya marapat lamang na mahalin natin ang isa't isa na para bang iisang pamilya.

Ang mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa ay isa sa mga mabuting katangian nating mga Pilipino. Lahat tayo ay may kakayahang tumulong mahirap man o mayaman. Sa ganitong paraan maraming tao ang ating mapapasaya at mabibigyan ng biyaya.

Sa modyul na ito maipapakita ng mga mag-aaral ang tunay na pagmamahal tulad ng pagsasaalang-alang sa kapuwa at sa kinabibilangang pamayanan.

Kasanayang Pampagkatuto:

Nakapagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng:

Pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa at sa kinabibilangang pamayanan.

Code: **EsP5PD-Iva-d-14**



## Subukin

Basahin ng mabuti ang mga pangungusap sa ibaba. Pagkatapos, bilugan ang wastong titik ng tamang sagot.

1. Nasalanta nang malakas na bagyo ang lugar nina Helga.Wala silang naisalbang gamit.

   Bilang isang kaibigan at kaklase ni Helga, ano ang maari mong maitulong?

   A. Hindi ko papansinin si Helga dahil hindi naman nasalanta ng bagyo ang aming lugar.
   B. Magbibigay ako ng donasyon na mga damit, pagkain at pera para may magamit sina Helga.
   C. Ipagdadasal ko nalang na huminto ang malakas na ulan upang hindi na babaha.
   D. Sasabihan ko si Helga na kasalanan lahat ng gobyerno bakit binaha ang kanilang lugar.

2. Habang ikaw ay papunta sa paaralan, napansin mo ang isang bata sa daan na umiiyak. Nilapitan mo siya at tinanong. Nalaman mo na hindi pa siya kumakain. Sapat lang ang pera mo para sa pambili ng gagawin mong proyekto.

   Ano ang gagawin mo?

   A. Hahayaan ko nalang ang bata dahil marami naman siyang makakasalubong na mga tao na pwedeng tumulong sa kanya.
   B. Bibilhan ko siya ng pagkain kahit na gamitin ko ang aking perang pambili ng proyekto.
   C. Tatawag ako ng mga mayayaman para matulungan ang bata na mabigyan ng pagkain.
   D. Bibigyan ko siya ng pagkain at kukunan ng litrato para ipost sa *Facebook*.

3. Papauwi kayo ng iyong nanay galing sa pagsisimba nang may makasalubong kayo na isang pulubi na namamalimos.

   Paano mo maipapakita ang iyong pagmamahal sa pulubi?

   A. Pagagalitan ko ang pulubi dahil siya ay nakaharang sa daan.
   B. Bibigyan ko ng pera ang pulubi upang may ipambili siya ng pagkain.
   C. Kukuha ako ng pera sa aking nanay na hindi nagpapaalam para ibigay sa pulubi.
   D. Ipagsasawalang bahala nalang ang pulubi at hindi papansinin

4. Mga batang iskawts sina Japhet at James. Naghahanap ang kanilang organisasyon sa Boy Scouts ng mga volunteers upang sumama sa pagbibigay ng tulong sa mga nasalanta ng lindol.

Dapat bang sumali sina Japhet at James para maging volunteers? Bakit?

A. Hindi dahil delikado ang pagpunta sa lugar na nasalanta ng lindol.
B. Oo, upang makakuha sila ng maraming *likes* at *friend request* sa *Facebook*.
C. Hindi, dahil hindi naman nila kaano-ano ang mga taong nasalanta ng lindol.
D. Oo, upang makatulong at maipakita ang kanilang pagmamalasakit sa mga biktima.

5. Si Elmer ay isang doktor. Napag-alaman niya na maraming bata ang nagkakatrangkaso sa isang malayong barangay na mararating lamang sa pamamagitan ng paglalakad.

Ano ang maaari niyang gawin upang matulungan ang mga bata doon?

A. Magdadahilan na maraming gagawin upang hindi makapunta sa ganoon kalayong lugar
B. Papupuntahin niya ang isa sa kanyang mga nars para gamutin ang mga pasyente.
C. Gagawa ng paraan upang makapunta sa lugar at magamot ang mga bata.
D. Sasabihan ang kapitan na maghanap nalang sila ng ibang doktor.

Modyul 1

# Kapuwa Ko, Pananagutan Ko



## Balikan

**Panuto**: Isulat ang salitang **Tama** kung wasto ang pangungusap at **Mali** kung di-wasto. Isulat ang sagot sa patlang.

__________ 1. Ang mabuting pagtanggap sa mga panauhin (Filipino hospitality) ay isa sa mga magagandang katangian ng mga Pilipino.

__________ 2. Pagsuporta sa mga lider na nagsusulong sa pagprotekta sa kalikasan.

___________3. Sirain ang lahat ng likas na yaman ng mundo dahil may ibang planeta naman tayong matitirhan.

___________ 4. Gamitin ang *social media site* para maisulong ang layunin hinggil sa pag-aalaga sa kalikasan.

___________ 5. Ipagwalang-bahala ang mga nakapaskil na babala tungkol sa mga dapat gawin kung may lindol.



## Tuklasin

Basahin ang dayalogo nina Mariel at Ronald at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Mariel:** Ronald, binabati kita. Ako ay nagagalak sa iyong pagsali bilang isang *volunteer* sa Kaagapay Foundation. Ano ba ang pangunahing layunin ng Kaagapay Foundation?

**Ronald:** Salamat Mariel. Ibig ko talagang sumali bilang isang *volunteer* sa Kaagapay Foundation. Ang pangunahing layunin ng nito ay tulungan ang mga taong nasalanta ng mga kalamidad tulad ng lindol, bagyo at iba pa.

**Mariel:** Napakagaling naman! Ibig ko sanang sumali bilang *volunteer* subalit ako ay nag-aalinlangan sapagkat kami ay mahirap lamang. Wala kaming sapat na pera o gamit para maibigay bilang donasyon na ipamamahagi sa mga biktima ng kalamidad.

**Ronald:** Naku, Mariel! Huwag mo nang alalahanin ang mga bagay na iyan. Ako nga ay mahirap din. Lahat tayo ay may kakayahang tumulong sa mga taong nangangailangan. Ang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa ay nagpapakita ng tunay na paglilingkod at pagmamahal sa Diyos.

**Mariel:** Tama, Ronald! Ako ay talagang sumasang-ayon sa iyong mga tinuran. Batid kong kayo ay tutungo sa bayan ng Matagnay para magbahagi ng mga relief goods sa mga nasalanta ng bagyong Ulysses. Kasama mo rin ba ng iyong mga kaibigan na sina Elmer, Alden at Eden?

**Ronald:** Oo Mariel. Sila ay sasama din.

**Mariel:** Ibig ko sanang sumama at sumali sa inyo subalit hindi pa ako nakapag-register. Maaari mo ba akong tulungan?

**Ronald:** Oo naman! Ikanalulugod kong maging bahagi ka nang Kaagapay Foundation. Magkita tayo mamayang hapon pagkatapos ng ating klase at tayo ay tutungo sa opisina ng Kaagapay Foundation. Hihingi ako ng *registration form* kay Gng. Palantang para iyong susulatan.

**Mariel:** Sige Ronald. Magkita nalang tayo mamayang hapon.

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Bakit nagagalak si Mariel para kay Ronald?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

2. Ano ang pangunahing layunin ng Kaagapay Foundation?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

3. Naranasan mo na rin bang tumulong? Ano ang iyong pakiramdam?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

4. Bakit kailangang pahalagahan ang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa at sa kinabibilangang pamayanan? Ipaliwanag ang sagot.

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

5. Sa bawat pagkakataon na tinutulungan mo ang iyong kapuwa, nakapagbibigay ka rin ba ng pag-asa sa kanila? Bakit?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

## Suriin

### Tandaan

Isa sa mga magagandang katangian nating mga Pilipino ang pagpapakita ng tunay na pagmamahal sa kapuwa. Tuwing may mga sakuna o kalamidad, tayo ay nagbubuklod-buklod upang tumulong sa mga nangangailangan. Makabuluhang maipapakita ang pakikitungo sa kapuwa sa pamamagitan ng tunay na pagmamalasakit, pakikiramay at pagbibigay ng tulong. Dahil sa pagmamahal ay naibabahagi ng tao ang kaniyang sarili para sa kabutihan ng kaniyang kapwa. Pagkatandaan natin na ang pagmamahal sa Diyos at sa kapuwa ay ang pinakamahalagang utos na dapat nating isabuhay.



## Pagyamanin

**Panuto**: Isulat ang salitang **<u>Tama</u>** kung wasto ang ipinapahayag sa pangungusap at **<u>Mali</u>** kung di-wasto. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

__________ 1. Ang pag-aalipusta ay paraan ng pagpapakita ng pamamalasakit sa kapwa.

__________ 2. Maipapakita ang makabuluhang pagmamahal sa kapuwa sa pamamagitan ng pagmamalasakit, pagtulong at pakikiramay.


__________ 3. Si Dianne ay may kapitbahay na matanda na walang nag-aaruga. Araw-araw niya itong binibisita at inaalagaan.

__________ 4. Napili si Rosa na kakatawan sa inyong distrito bilang kalahok sa Tagisan ng Talino na gaganapin sa kabilang bayan. Nag-alinlangan siyang sumali dahil kapos siya sa panggastos. Buong-puso mo siyang tinulungan upang makasali sa paligsahan.

___________ 5. Nagbigay ng tulong ang punong guro na si Gng. Cruz at ang iba pa niyang kasamahang guro sa mga naging biktima ng daluyong dulot nang malakas na pag-ulan.



## Isaisip

**Panuto** : Iguhit ang masayang mukha  kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapuwa at malungkot na mukha  naman kung hindi. Iguhit ang iyong sagot sa loob ng kahon.

☐ 1. Sumali ka sa camping ng mga Boy Scouts na ginanap sa inyong distrito at marami kang natutunan na aral. Habang ikaw ay nagliligpit ng iyong mga gamit dahil uwian na ay may nakita kang isang Kab Scout na umiiyak at parang may hinahanap subalit hindi mo ito pinansin.

☐ 2. Ang marapat na pakikitungo sa kapwa ay nakabatay sa estado ng tao sa lipunan.

☐ 3. Nakita mo ang isang matanda na hirap na hirap sa pagbubuhat ng kanyang paninda. Dali-dali mong tinulungan ang matanda kahit alam mo na mahuhuli ka na sa klase.

☐ 4. Nasunog ang bahay nina Nena. Ubos lahat ang kanilang gamit. Humingi ng donasyon ang inyong guro para may maibigay na tulong ang inyong klase para sa pamilya nina Nena. Hindi ka nag-atubiling nagbigay kahit sapat lamang ang iyong pera.

☐ 5. Inatasan kayo ni Ginoong Satt Cainta na gumawa ng proyekto sa asignaturang ESP. Batid mong isa sa mga kasamahan ninyo ay walang pambili ng gamit. Hindi mo na siya inilista sapagkat wala siyang naiambag sa inyong pangkat.



## Isagawa

**Panuto:** Punan ang bawat kolum ng tsart ng angkop na sagot.

| Mga Taong Ipinagkaloob ng Diyos upang Tumulong sa Akin | Pamamaraan kung Paano Sila Mapasasalamatan |
|---|---|
| | |

Rubrik sa Pagmamarka

| **Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| 1. Nilalaman | Maayos na naipapaliwanag ang sagot | Naipapahayag ang sagot subalit hindi masyadong malinaw | Hindi naipapaliwanag ang sagot nang malinaw |
| 2. Kaangkupan sa Paksa | Naipapahayag ang sagot ng may kaangkupan sa paksa | Naipapahayag ang sagot ng hindi gaanong angkop sa paksa | Ang sagot ay hindi na naaangkop sa paksa |



## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang sumusunod ay mga gawain na nagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa **MALIBAN SA ISA**

   A. Pagbibigay ng mga relief goods sa mga nabiktima ng sakuna at kalamidad tulad ng bagyo, baha at iba pa
   B. Pagtulong sa pagbubuhat ng mga mabibigat na bagay sa mga matatanda
   C. Pagkukuwento ng mga hindi maganda at totoo tungkol sa iyong kapitbahay.
   D. Pakikilahok sa mga samahan na ang tanging layunin ay tumulong sa mga nangangailangan.

2. Biglang lumindol sa inyong paaralan. Karamihan sa iyong mga kaklase ay nakalabas na papunta sa open ground. Nakita mo si Joanne na naipit ang kanyang paa sa mesa at hindi makatayo.

   Ano ang nararapat mong gawin?

   A. Iiwan ko si Joanne dahil natatakot akong gumuho ang aming paaralan.
   B. Kukunan ko nang picture si Joanne at ipopost sa facebook na siya ay naipit.
   C. Tutulungan at alalayan ko si Joanne patungong open ground.
   D. Hindi ko nalang papansinin si Joanne at tatakbo ako palabas.

3. Nagkatampuhan ang magkaibigan na sina Gng. Tagle at Gng. Sumogot. Isang araw, habang pauwi si Gng. Tagle napansin niya ang anak ni Gng. Sumogot na umiiyak at naliligaw.

   Dapat bang tulungan ni Gng. Tagle ang bata? Bakit?

   A. Hindi, dahil sila ay nagkatampuhan at silaay magkagalit.
   B. Oo, upang siya ay may maipost sa facebook at makakuha ng maraming likes at komento.
   C. Hindi dahil marami namang tao sa na pwedeng tumulong sa bata.
   D. Oo, dahil ang tunay na pagmamahal sa kapwa ay nagpapakita ng pagmamalasakit at pagtulong.

4. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang tunay na pagmamahal sa iyong kapwa?

   A. Huwag isali sa mga gawaing pampaaralan ang mga kaklaseng mahihirap.
   B. Pagbibigay tulong sa mga kaklaseng mayayaman.
   C. Pag-aalipusta sa mga batang mahihina.
   D. Pagsali sa mga organisasyon na naglulunsad ng feeding program.

5. Si Angelo Sumogot ay bagong lipat sa paaralan ng mga katutubo. Napansin niya ang isa sa kanyang kamag-aral ay walang pagkain.

   Tama bang ipamahagi ni Angelo ang kanyang baon? Bakit?

   A. Hindi, dahil sapat lang ang kanyang baon para sa sarili.
   B. Tama, para makakuha siya ng mataas na marka sa asignaturang ESP.
   C. Hindi, dahil hindi pa niya kilala ang kamag-aral.
   D. Tama, dahil ito ay nagpapakita ng kabutihang loob at pasasalamat sa Diyos.



## Karagdagang Gawain

**Panuto**: Maghanap ng larawan na nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa kapuwa. Idikit ang mga larawan sa loob ng kahon.



## Sanggunian

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta, EdD. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon (Manwal ng Guro)*. Quezon City, Philippines: Vibal Group, Inc. , 2016.

Ylarde, Zenaida R. and Gloria A. Peralta, EdD. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon (Batayang Aklat)*. Quezon City, Philippines: Vibal Group, Inc. , 2016.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Randolf O. Morada
Teacher I
Sominot ES, Zamboanga Sibugay Division

Editor: Maricris T. Pantollana
Ma. Lilia E. Fernandez
Maricel L. Tercio

Tagasuri: Ronald K. Manlupig
John Ryan F. Alegre

Mona Lisa M. Babiera, Ed.D
*Education Program Supervisor*

Tagapamahala:

Evelyn F. Importante
*OIC-CID Chief EPS*

Aurelio A.Santisas
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jerry C. Bokingkito
*OIC-Assistant Schools Division Superintendent*

Jeanelyn A. Aleman, CESO VI
*OIC-Schools Division Superintendent*